# Paraan ng paghiwa-hiwalay at pagtapon ng basura at basurang maaring i-recycle


May itinalagang araw, lugar at paraan ng pagtapon ng bawat uri ng basura at basurang maaring iresiklo. Mangyaring tingnan sa pahina 18 ang araw ng koleksyon ng basura (araw ng paglabas ng basura) sa lugar na iyong tinitirahan. Mangyaring paghiwa-hiwalayin ito, at ilabas sa itinalagang lugar ng paglalabasan ng basura bago mag-alas-8 ng umaga sa itinalagang araw. Mangyaring ilagay ang basura sa loob ng malinaw na supot.

Paano maglabas ng basura

## Basurang sinusunog (maaring sunugin)

Dalawang beses sa isang linggo




## Basurang hindi sinusunog (hindi maaring sunugin)


Dalawang beses sa isang buwan








## Lumang papel at PET bottle

Minsan sa isang linggo





Mangyaring taliin gamit ang panali.







Mangyaring alisin ang takip at tatak o label ng mga "lalagyan at pakete na gawa sa plastik."




## Mga lalagyan at pakete na gawa sa bote, lata, o plastik (lalagyan na gawa sa plastik)

Minsan sa isang linggo





・Mangyaring bahagyang linisin at alisin ang dumi.



# Malaking basura (may bayad at kailangan mag-aplay muna)

Basehan ng laki ng malaking basura: Mga kasangkapan sa bahay, elektrikal na kasangkapan atbp. na lalagpas sa 30 cm at nasa loob ng 220 cm ang pinakamahabang bahagi.



**Lugar ng Aplikasyon** **Registration and Information Center for Bulk Garbage**

**Telepono 03-5296-5300** mula 8:00 AM - 7:00 PM (Maliban sa Disyembre 29 hanggang Enero 3)

**Internet https://sodai.tokyokankyo.or.jp/** (24 oras ang tanggapan)

**FAX 03-5296-7001** (24 oras ang tanggapan)




Maaring makipag-usap sa wikang Ingles, Intsik, Koreano at Hilagang Koreano, Portuges, Espanyol, Thai, Vietnamese

Maliban sa Disyembre 29 hanggang Enero 3

## Proseso ng pagtapon ng malaking basura

1. Sukatin ang laki ng malaking basura at isulat ito sa papel
2. Mag-aplay sa Registration and Information Center for Bulk Garbage
3. Pumunta sa convenience store o supermarket atbp. para bumili ng garbage disposal sticker para sa malaking basura ng Suginami ward. Isulat dito ang petsa (ng paglabas ng basura), at numero ng aplikasyon o pangalan.
4. Ilabas ang malaking basura sa labas ng iyong gusali bago mag-alas-8 ng umaga sa itinalagang araw

## Halimbawa




## Hindi ito maaring kolektahin ng ward





### Aircon, refrigerator (freezer), telebisyon, washing machine, dryer ng damit

May bayad ang koleksyon para sa pagreresiklo at transportasyon.

**Lugar ng Aplikasyon** **Tindahan kung saan o bibilhin ang bago o kapalit na kasangkapan, o kaya sa Electrical Household Appliance Recycling Center**

**Telepono 03-5296-7200** 8:00 AM. - 5:00 PM. (Lunes - Sabado)

**Internet https://kaden23rc.tokyokankyo.or.jp/Rc/Index**



### Kompyuter

**Lugar ng Aplikasyon** **Tanggapan ng pagresiklo ng bawat kumpanya, o kaya sa PC3R Promotion Association**
**(para sa kompyuter na sariling ginawa o sa mga kompanya ng komputer na nabangkarote)**

**Telepono 03-5282-7685** 9:00 AM - 12:00 ng tanghali, 1:00 PM - 5:00 PM. (Lunes - Biyernes)

**Internet https://www.pc3r.jp/**



PC リサイクル
(Marka ng pag-recyle ng PC)

- Maaring isama din ang mga kasamang accessory noong binili, tulad ng mouse, keyboard, speaker, kordon atbp.
- Ang mga peripheral equipment gaya ng printer at scanner ay tinuturing na basurang hindi sinusunog (kapag lagpas ang laki ng 30cm, ito ay tinuturing na malaking basura).

### Iba pa (mga bagay na mapanganib, nakakapinsala atbp.)

Mangyaring sumangguni sa kontratista na espesyalista sa pagproseso nito, ang Suginami Waste Collection Office, Suginami Waste Collection Office Honan Branch, at Waste Reduction Control Section.

Lupa, buhangin, bato

